LUNGSOD NG BELLFLOWER
MARSO 3, 2009, PANGKALAHATANG HALALANG PAMBAYAN

Batay sa mga batas na umiral namg 2008, ang mga impormasyong ito ay inihanda bilang serbisyo publiko at inillaan upang gawing batayan at gabay lamang. Para sa higit pang kaalaman, tumawag sa Opisina ng Kleriko ng Lungsod sa (562) 804-1424 o bumisita sa Gusaling Panglungsod sa 16600 Civic Center Drive, Bellflower.

MGA KADALASANG KATANUNGAN:

PAANO BUMOTO SA KOREO

T ***Sino ang maaaring bumoto ng "Vote by Mail" na balota?***

Kahit sinong nakarehistro na botante. Dagdag pa dito, kahit sinong nakarehistro na botante ay maaaring humiling na maging permanenteng "Vote by Mail" na botante. Silang mga botante ay agad na pinadadalhan ng "Vote by Mail" na balota sa tuwing halalan. Para sa karagdagang impormasyon kung paano maging isang permanenteng "Vote by Mail" na botante, tumawag sa Opisina ng Los Angeles County Registrar-Recorder sa (800) 815-2666. (Kodigo ng Eleksiyon 3201)

T ***Saan ako makakakuha ng aplikasyon upang makaboto sa koreo sa Bellflower sa Marso 3, 2009, Pangkalahatang Munisipal na Eleksiyon?***

Ang **aplikasyon** para makaboto sa koreo ay **isasama** sa likod ng balat ng **Sampol na Balota at Botanteng Impormasyong Pamplet,** na agad ipadadala sa koreo sa bawat nakarehistro na botante ng Lungsod sa pagitan ng Enero 22 at Pebrero 10. Ang mga aplikasyon ay makukuha din sa Opisina ng Kleriko ng Lungsod at maaaring ipadala sa iyo sa koreo o nang personal. (Kodigo ng Eleksiyon 3001)

T ***Anong impormasyon ang kasama sa aking "Vote by Mail" na Aplikasyon ng Balota?***

Ang inyong aplikasyon ay dapat na may kasamang naka-sulat na palimbag na pangalan, inyong tirahan, ang tirahan kung saan mo nais ipadala ang "Vote by Mail" na Balota, at ang pangalan at petsa ng halalan na ina-aplayan mo, tulad ng, Marso 3, 2009, Bellflower na Pangkalahatang Munisipal na Eleksiyon. Kailangan mo ring **pirmahan at lagyan ng petsa** ang iyong aplikasyon. (Kodigo ng Eleksiyon 3006)

T Kailan ako dapat mag-aplay para makakuha ng "Vote by Mail" na Balota?

Ang Opisina ng Kleriko ng Lungsod ang gumagawa ng mga aplikasyon at nagpapadala sa koreo ng "Vote by Mail" na mga Balota mula Pebrero 2 hanggang Pebrero 24 para sa Marso 3, 2009, Pangkalahatang Munisipal na Eleksiyon. Maaari kayong magsumite ng aplikasyon bago sa panahong ito, ngunit hindi ito gagawin ng Opisina ng Kleriko ng Lungsod hanggang Pebrero 2, 2009. (Kodigo ng Eleksiyon 3001)

Ang Opisina ng Kleriko ng Lungsod ay hindi tatanggap ng anumang "Vote by Mail" na mga aplikasyon na isinumite ng walang pitong araw bago maghalalan. Gayunman, may mga probiso na maaaring magsumite ng atrasadong aplikasyon at kumuha ng balota sa huling linggo bago maghalalan kung ikaw ay nagkasakit o napinsala o kaya'y sa isang di-inaasahang kadahilanan na ikaw ay malayo mula sa iyong lugar na bobotohan sa araw ng halalan. Sa ganitong mga pagkakataon, maaari ka ring magpahintulot ng ibang tao para dalhin sa iyo ang balota at ibalik ang iyong nabotohang balota sa Kleriko ng Lungsod. (Kodigo ng Eleksiyon 3021)

T Maaari ba akong mag-aplay at bumoto sa Opisina ng Kleriko ng Lungsod?

Opo, sa pagitan ng 8:30 n.u. at 5 n.h., Lunes hanggang Biyernes, maliban sa petsa opisyal, at hanggang sa magsara ang mga lugar ng botohan ng 8 n.g. sa Marso 3, 2009. Ang Opisina ng Kleriko ng Lungsod ay matatagpuan sa Gusaling Panglungsod ng Bellflower, 16600 Civic Center Drive, Bellflower, California, sa ikalawang palapag (may elebetor po). Telepono bilang (562) 804-1424, ekstensiyon 2222 o 2221.

T Kailan ko dapat ibalik ang nabotohang balota?

Upang mabilang, ang iyong balota ay kailangang <u>matanggap</u> ng Kleriko ng Lungsod ng hindi lalampas sa pagsasara ng presinto sa araw ng halalan. Ang botohan ay magsasara ng 8:00 n.g. Kung kulang ang oras para ipadala sa koreo ang iyong balota at masigurong matanggap sa araw ng halalan, dalhin ang balota sa Opisina ng Kleriko ng Lungsod o saan mang presinto sa Lungsod. Ang mga balotang natanggap pagkatapos magsara ng botohan ay hindi bibilangin kahit ano pa ang marka ng koreo. Kung ibabalik mo ang iyong nabotohang balota sa koreo, lagyan ng angkop na selyo sa sobre o hindi ito ihahatid ng opisina ng koreo. (Kodigo ng Eleksiyon 3017, 3020)

T Maaari ko bang ibigay ang aking nabotohang "Vote by Mail"na Balota sa ibang tao upang isauli para sa akin?

Kung ikaw ay may karamdaman o kapansanan, maaari mong sundin ang mga bilin na nakalagay sa likod ng pambalik na sobre kung paano mag atas ng isang kaanak (asawa, anak, magulang, lolo o lola, apo, kapatid) o isang taong nakatira rin sa tahanan mo upang magsauli ng iyong nabotohang balota para sa iyo. (Kodigo ng Eleksiyon 3017)

T Kung maiwala ko ang aking "Vote by Mail" na Balota na pinadala sa akin, maaari ba akong makakuha ng panibago?

Opo. Gayunman, kailangan kang lumagda ng kasulatan sa ilalim ng parusa ng sala sa batas ng pagsisinungaling na iyong naiwala o hindi natanggap ang unang balota; o maaari ka pa ring bumoto sa "pansamantalang" balota sa iyong presinto sa araw ng halalan, ngunit hindi ito bibilangin hangga't hindi napatutunayang hindi ka pa nakaboto. Ang Kleriko ng Lungsod ang may hawak ng talaan ng hiling ng bawat "Vote by Mail" na Balota at nagbibigay ng listahan ng mga hiling na ito sa mga presinto upang masiguro na ang bawat botante ay minsan lang boboto. Kung ikaw ay dalawang ulit na bumoto sa "Vote by Mail" na Balota, kahit di sinasadya, hindi bibilangin kahit isa man sa iyong boto. (Kodigo ng Eleksiyon 3013, 3014)

T Kung ako ay humiling na ng "Vote by Mail" na Balota, maaari ba akong magbago ng isip at makaboto pa rin sa aking regular na lugar botohan?

Opo, pero dapat mo munang ibigay ang iyong di nagamit na "Vote by Mail" na Balota sa manggagawa sa presinto bago ka makaboto sa regular na balota. (Kodigo ng Eleksiyon 3015). Gayunman, kung hindi mo naibalik ang iyong "Vote by Mail" na Balota, maaari ka pa ring bumoto sa "pansamantalang" balota sa iyong presinto, ngunit hindi ito bibilangin hangga't hindi napatutunayang hindi ka pa nakaboto. (Kodigo ng Eleksiyon 3016, 14310)